*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# LITURGY OF THE HOURS

## PANALANGIN SA TAKIPSILIM I

Ika-7 ng Hunyo, 2025

{ Dakilang Kapistahan ng Pentekostes }

LITURGY OF THE HOURS
EBREVIARY

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## Awit

Halina, Espiritung Banal, Halina
Halina at angkinin, aming kalul'wa
Halina, aming Mang-aaliw, halina
Papag-alabin mo, aming pag-asa.

Yaring pagmamahal mo'y bukal ng buhay
Ang pangako ng Amang sa 'mi'y patnubay
Kaming mga nilalang ay 'yong turuan
Matutong umunawa, at mangangaral.

Kaming mahina'y ilayo sa kaaway
Ang ipagkaloob mo'y payapang buhay
Kupkupin mo ng iyong bagwis na banal
At papupurihan ka nang walang hanggan.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Sa araw ng Pentekostes, lahat sila'y nagkatipon sa isang lugar, aleluya.

*Salmo 113*

*(Purihin ang ngalan ng Panginoon)*

Dapat na magpuri ang mga alipin,
Ang ngalan ng PANGINOON ay dapat purihin.
Ang kanyang pangalan ay papupurihan,
Magmula ngayo't magpakailanman,
Buhat sa silangan, hanggang sa kanluran,
Ang ngalan ng PANGINOON, pupurihing tunay.

Siya'y naghahari sa lahat ng bansa,
Lampas pa sa langit ang pagkadakila.
Walang makatulad ang PANGINOONG Diyos,
Na sa kalangitan doon naluluklok;
Buhat sa itaas siya'y tumutunghay,
Ang lupa at langit kanyang minamasdan.

Mula sa alabok ang mga mahirap,
Sa pagkalugami ay itinataas.
Sa mga prinsipe ay isinasama,
Nagiging prinsipe ang mga lingkod n'ya.
Ang babaing baog pinagpapala n'ya
Pinapag-aanak para lumigaya.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antiphon*

Sa araw ng Pentekostes, lahat sila'y nagkatipon sa isang lugar, aleluya.

*Antipona 2*

Lumitaw ang mga dila ng apoy sa harapan ng mga apostol, at nanahan ang Espiritu Santo sa bawat isa sa kanila, aleluya.

*Salmo 147:1-11*

*(Ang kagandahang-loob ng Diyos na makapangyayari sa lahat)*

O kay buti ng umawit at magpuri sa ating Diyos,
Ang magpuri sa kanya'y tunay na nakalulugod.

Ang Lungsod ng Jerusalem, muli niyang ibabalik,
Sa kanyang mga lingkod, na natapon at nalupig.
Yaong mga pusong wasak ay kanya ring lulunasan,
Ang natamo nilang sugat, agad-agad tatapalan.
Alam niya't natitiyak ang bilang ng mga tala,
Isa-isang tinatawag, yaong ngalang itinakda;

Ang PANGINOON na ating Diyos ay dakila at malakas,
Ang taglay n'yang karunungan, ay walang makasusukat.
Yaong mapagpakumbaba'y siya niyang itataas.

Ngunit yaong mapaghambog sa lupa ay ibabagsak.
Umawit ng mga imno at ang PANGINOON ay purihin,
Purihin ang ating Diyos at ang alpa ay tugtugin.

Ang ulap sa kalangitan ay siya ang naglalatag,
Masaganang ulan naman ang sa lupa'y bumabagsak;
At ang damo'y binubuhay sa bundok at mga gubat.
Pagkain ng mga hayop ay siya ang nagbibigay,
May pagkain siyang dulot sa inakay na nasigaw.

Hindi siya nalulugod sa kabayong malalakas,
Kahit mga piling kawal hindi siya nagagalak.
Ngunit sa may pagkatakot, kasiyahan niya'y labis,
Sa kanilang may tiwala sa watatag n'yang pag-ibig.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Lumitaw ang mga dila ng apoy sa harapan ng mga apostol, at nanahan ang Espiritu Santo sa bawat isa sa kanila, aleluya.

*Antipona 3*

Ang Espiritung nagmumula sa Ama ang darakila sa akin, aleluya.

*Awit: Pahayag 15:3-4*

*(Awit ng Pagsamba)*

PANGINOONG Diyos na Makapangyarihan sa lahat,
Dakila at kahanga-hanga ang iyong mga gawa!
O Hari ng mga bansa,
Matuwid at totoo ang iyong mga daan!

Sino ang hindi matatakot sa iyo, PANGINOON?
Sino ang tatangging magpahayag ng iyong kadakilaan?

Ikaw lamang ang banal!
Lahat ng mga bansa ay lalapit at sasamba sa iyo,
Sapagkat nakita ng lahat ang matuwid mong mga gawa.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ang Espiritung nagmumula sa Ama ang darakila sa akin, aleluya.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*Roma 8:9-11*

Ngunit hindi na kayo namumuhay ayon sa laman kundi ayon sa Espiritu, kung talagang nananahan sa inyo ang Espiritu ng Diyos. Kung ang Espiritu ni Kristo'y wala sa isang tao, hindi siya kay Kristo. Ngunit kung nasa inyo si Kristo, bagama't patay na ang inyong mga katawan dahil sa kasalanan, buhay naman ang inyong espiritu dahil sa pinawalang-sala na kayo. Kung nananahan sa inyo ang Espiritu ng Diyos na siyang muling bumuhay kay Hesukristo, ang Diyos ding iyan ang magbibigay ng buhay sa inyong mga katawang mamamatay, sa pamamagitan ng kanyang Espiritung nananahan sa inyo.

*Tugunan*

Ang Espiritu Santo ang Mang-aaliw, aleluya, aleluya.

— Ang Espiritu Santo ang Mang-aaliw, aleluya, aleluya.

Tuturuan niya kayo ng lahat ng bagay,

— aleluya, aleluya.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Ang Espiritu Santo ang Mang-aaliw, aleluya, aleluya.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

Halina, Espiritu Santo, punuin ang puso ng lahat ng sumasampalataya, at papagningasin ang mga ito ng iyong pagmamahal. Kahit na sila'y nangusap sa iba't ibang wika, pinag-isa mo ang mga bansa sa pagpapahayag ng iisang pananampalataya, aleluya.

*Lukas 1:46-56*

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Halina, Espiritu Santo, punuin ang puso ng lahat ng sumasampalataya, at papagningasin ang mga ito ng iyong pagmamahal. Kahit na sila'y nangusap sa iba't ibang wika, pinag-isa mo ang mga bansa sa pagpapahayag ng iisang pananampalataya, aleluya.

## Pangkalahatang Panalangin

Nang maganap ang araw ng Pentekostes, isinugo ng Diyos ang Espiritu Santo sa mga apostol. Sa ating pagdiriwang ng dakilang kapistahang ito nang buong galak at pananampalataya, hilingin

natin:

— Isugo mo ang iyong Espiritu at panibaguhin ang buong mundo.

Sa simula'y nilikha mo ang langit at lupa, at sa takdang panahon ay pinanibago mo ang lahat ng bagay kay Kristo,
patuloy mong baguhin ang mundo sa biyaya ng kaligtasang dulot ng Espiritu Santo.

— Isugo mo ang iyong Espiritu at panibaguhin ang buong mundo.

Hiningahan mo ng hininga ng buhay si Adan,
isugo mo sa Simbahan ang iyong Espiritu upang kanyang maging buhay at kasiglahan, upang magdulot ito ng bagong buhay sa buong sandaigdigan.

— Isugo mo ang iyong Espiritu at panibaguhin ang buong mundo.

Sa pamamagitan ng liwanag ng iyong Espiritu, liwanagan ang daigdig at puksain ang dilim ng aming kapanahunan,
palitan ng pag-ibig ang alitan, ng galak ang lungkot at ng kapayapaan ang digmaan.

— Isugo mo ang iyong Espiritu at panibaguhin ang buong mundo.

Umagos ang tubig sa tagiliran ni Kristo bilang bukal ng iyong Espiritu,
umagos nawa ito sa lahat ng sangkalupaan at magbunga ng kabutihan.

— Isugo mo ang iyong Espiritu at panibaguhin ang buong mundo.

Kaloob mo'y buhay at kadakilaan sa sangkatauhan sa pamamagitan ng Espiritu Santo,
akayin ang mga yumao sa pag-ibig at ligaya ng langit sa pamamagitan ng Espiritu.

— Isugo mo ang iyong Espiritu at panibaguhin ang buong mundo.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Ama,
tinupad mo ang pangako ng Muling Pagkabuhay
nang isugo mo sa amin ang Espiritung Banal.
Pag-ugnayin nawa ng Espiritung ito
ang lahat ng lahi at mga bansa sa buong mundo
upang ipahayag ang kadakilaan mo,
sa pamamagitan ni Hesukristo,
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

Liturgy of the Hours

EBREVIARY

UNITED STATES OF AMERICA
*www.ebreviary.com*